

KOMENTARYO

KONSERBASYON NG PAMANA AT ANG ANTROPOLOHISTA SA PANAHON NG GLOBALISMO

Rozanno Rufino

Ito ay isang komentaryo sa gawain ng konserbasyon ng pamanang pangkultura kaugnay ng globalismo at ang maaaring papel o taya nating nasa larangan ng antropolohiya. Pagpapatuloy din ito ng aking diskusyon noong nakalipas nating kumperensya sa Miagao kung saan tinalakay ko ang krisis sa konserbasyon ng mga Payo ng Cordillera (na isang Pandaigdigang Pamanang Pook) at pagtugon sa hamon ng pagbibigay saysay sa usapin ng pamana bilang isang mahalagang paksa sa *public interest anthropology*, na sinusubukan nating linangin ngayon sa ating konteksto.

Malaking bahagi ng paghawan ng larangang ito para sa antropolohista ay ang pagtingin kung papaano naiimpluwensyahan ng globalismo ang konsepto ng pamana. Binabago ng globalismo ang mga proseso, pananaw at pag-uugnayan ng mga tao at institusyon sa konserbasyon ng pamana. Sa kasalukuyang kaayusang pandaigdig, bukod pa sa mga pambansa at lokal na institusyong pangkultura (tulad ng NCCA at katulad na mga ahensya), nagsusulputan at higit na lumalakas ang mga organisasyong nag-gigiit ng matinding impluwensya sa usapin ng pamana. Pangunahing halimbawa rito ang UNESCO at ang sistema ng “produksyon” at pangangasiwa ng mga “Pandaigdigang Pamana” (*World Heritage*) at iba pang kahalintulad na klasipikasyon. Ang sistemang ito ay nakatuon sa pagkilala sa mga nahahawakan at di-nahahawakang pamana mula sa iba’t-ibang bahagi ng daigdig na may “natatanging halagang unibersal” (*oustanding universal value*). Mga halimbawa nito sa Pilipinas ay ang mga Payo ng Cordillera, ang makasaysayang lungsod ng Vigan, at ang mga simbahang *baroque*. Isa sa mga sandigan ng proyektong ito ay ang pagbubuo ng “global na pamayanan,” kung saan ang kultural na pagkakaiba-iba ay inaasahang mapangangalagaan at igagalang. Patungkol sa usapin ng pamana sa konteksto ng “globalisasyon,” inilahad ni Lourdes Arizpe (isang

antropolohista at dating Assistant Director-General ng UNESCO sa usaping pangkultura) na:

The awareness of one world has also been reinforced by the various processes that make up globalization ... The globality, familiarity, and instantaneity that characterize this new planetary perspective are no doubt changing the perception and understanding of the cultural legacies of the past ... global communications and audiovisuals, touching a majority of people in the world, are creating this new global cultural commons. In this new space, human-made cultural creations are beginning to be judged according to an emerging set of global standards (Arizpe 2000:33).

Tulad ng anumang proyekto, ang pagpapalaganap ng kamalayan sa pagkakaroon ng isang global na pamayanan ay gumagamit ng mga balangkas at instrumento kung saan ang iba't-ibang penomena, pook, at artefakt ay maaring bigyang kahulugan (ang sinasabing “*emerging set of global standards*” ni Arizpe). Dito nga pumapasok ang Pandaigdigang Pamana, na sa obserbasyon ni Turtinen (2000: 3), “suggests ... not (only) nations or ethnic groups as imagined communities, but rather humankind as a moral and imagined community.” Ito ay nakatali sa isang pulitikal na agenda kung saan “ang mga ‘lumang’ pamanang pook ay nagkakaroon ng bagong kahulugan sa kontekstong global.” Ang institusyon ding ito ang nagbibigay daan sa pagusbong ng mga makapangyarihang mga aktor sa “industriya ng pamana” (pangunahin ang UNESCO at mga lupon ng ekspertong nakadikit dito) na nagpapanukala ng isang “global grammar” upang isaayos ang lahat ng ito.

Ngayon, bilang kapital sa pagsusulong ng isang agenda (ng isang internasyunal na ahensya, estado, o anumang grupo), ang pamana ay sentro din ng pagtutunggaliang panlipunan. Sa katunayan, hindi maiiwasan ang pagtutunggalian sa pamana sapagkat ito ay produkto ng pagpapakahulugan at pagbibigay-halaga, na hindi rin maihihiwalay sa usapin ng kapangyarihan. Bagamat produkto ito ng nakalipas, ang paglikha ng kahulugan ay nagpapatuloy. Mainam ding isaisip na lahat ng kaisipang panlipunan ay may pisikal na manipestasyon (tulad ng pagsasaayos ng lupain o espasyo, mga kagamitan, pagkain, paggamit at pagtrato sa katawan) kung kaya’t ang pamana ay sadyang mapulitika at pinagtutunggalian (Pearce 2000).

Sa ganitong pananaw, sang-ayon ako sa palagay na sa likod ng imahen ng Pandaigdigang Pamana ay mayroong “complicated complex of actors, perspectives and interests. Seemingly evident, depoliticised and innocent, it steers attention away from its complexity, from its problematics and implications” at ang katagang “pamana,” tulad ng iba pa na ginagamit sa pampublikong kultura, ay “unstable and ambiguous” (Turtinen 2000: 20-21).

Mainam nga ang punto ni Bendix (sa *ibid.* p. 21) dito na ang katangi-tangi sa pamana ay ang kakayanan nitong itago ang pagkamasalimuot ng kasaysayan at pulitika.

Ang pagkakaroon ng istandardisasyon ng mga balangkas at prinsipyo sa konserbasyon na ipinalaganap ng globalismo ay kumakalat din sa pangangalaga ng iba pang pamana, hindi man ito maipasok o sakop ng Pandaigdigang Pamana. Ibig sabihin ay nagbibigay impluwensya din ito sa institusyonalisasyon at pormalisasyon ng konserbasyon sa “lokal” na pagsasagawa nito. (Ngunit dapat linawin na walang dikotomiya ang lokal at global na penomena, bagkus ito ay umiiral sa iisang continuum.)

Sa ganitong konteksto ng pamana, maaari na nating makita ang potensyal na kontribusyon ng antropolohista. Kung tutuusin, sa unang tingin, malaki naman talaga ang taya ng antropolohista sa usapin ng pamana dahil ito ay umiikot sa konsepto ng kultura. Malaki ang mai-aambag niya sa usaping ito dahil nasa puso ng karanasan ng disiplina ng antropolohiya ang diskurso sa pagpapakahulugan sa konsepto ng kultura. Maaaring pagsimulan ang pagsisiyasat sa mga pormulasyon ng kultura sa loob ng talastasan tungkol sa pamana, na nilalahukan ng mga taong nagmumula sa iba’t-ibang disiplina at ideyolohiya. (Nakamamangha ngang pag-isipan na habang ang disiplina ng antropolohiya ay nagsusumikap na magpalaganap ng mga anti-esensyalistang teorya ng kultura, karamihan ng pulitika ng kultura sa labas ng antropolohiya ay nakatutok naman sa institusyonalisasyon at proteksyon ng mga esensyalisadong kultura na tinulungan ding “buuin” ng disiplina.)

Ang pagpapaliwanag sa pagiging mapulitika at masalimuot ng pamana ay makikitang katugon ng sinasabing “bagong” kahulugan ng kultura na tumitingin dito bilang isang aktibong proseso ng pag-gawa ng at pagtutunggalian sa kahulugan, kung saan ang mga taong nasa iba’t-ibang posisyon ng ugnayang panlipunan ay gumagamit ng mga institusyon upang isulong at mapanatili ang kanilang sariling kahulugan (Wright 1998). Ito rin ay tinitingnang nakapaloob sa lokal-global na continuum. (Kaiba nito ang mga “lumang” ideya ng kultura na pangunahing nagsasalarawan dito bilang may malinis na hangganan, hindi nagbabago, nasa *equilibrium*, at magkakapareho/homogenong mga indibidwal.)

Gamit ang ganitong pang-unawa sa kultura at analitikal na mga “kagamitan” na nabuo sa disiplina, maaaring makapagbigay liwanag ang antropolohista sa proseso kung papaano “ginagawa” ang pamana – ang paraan kung papaano ito binibigyang sagsay sa loob ng panahon ng globalismo. May potensyal siyang matalupan ang kompleksidad ng kasaysayan at pulitika nito. Tunay ngang masalimuot ang usapin ng konserbasyon sapagkat may iba’t-ibang aktor ang nagtataguyod ng kani-kanilang pakahulugan sa mga bagay, sityo, istruktura, ‘tradisyon’ at iba pa na


kinikilala bilang pamana. Mahalaga ang ganitong eksposisyon laluna sa mga pook na matindi ang pagtutunggalian.

Para sa ganitong gawain, lampas pa nga ang magiging trabaho ng isang antropolohista sa simpleng dokumentasyon ng pamana. Kinakailangan din niyang unawain ang kontekstong panlipunan kung saan ito nakapaloob at makita ang mga tensyon na nagbubunga ng pamamayani ng isang dominanteng kahulugan o dili kaya ay nagluluwal ng mga bagong kahulugan. Kung susundan ang ganitong pag-unawa, maaaring makatulong ang antropolohista hindi lamang sa pananaliksik kundi pati sa pagpapakita at pagbibigay ng perspektiba sa proseso ng pagtutunggaliang panlipunan sa pamana (laluna sa panahong nagiging pormalisado/institusyonalisado ang pagsasagawa ng konserbasyon at pamamayani ng mga makapangyarihang mga insitusyon).

Ang proseso ng konserbasyon ay kinakailangan ding tumingin sa saysay o kabuluhan ng isang pook o artefakt para sa mga taong tumitingin, bumibisita, o nagmamay-ari nito. Kinakailangang lumampas ito sa simpleng pagpreserba o paggawang *fetish* sa mga bagay (Bluestone 2000). Ang kakulangan ng ganitong perspektiba marahil ang pinagmumulan ng hindi pagkakaunawaan sa maraming mga proyektong pangkonserbasyon. Tulad halimbawa sa kaso ng Simbahan ng Sto. Tomas de Villanueva sa Miag-ao kung saan may mga renobasyong ginawa na hindi katanggap-tanggap sa UNESCO at sa NCCA (na kasalukuyang gumagawa ng paraan para maibalik sa dati ang mga ginawang pagbabago sa materyal ng simbahan) (tingnan ang Kahon 1). Ang ganitong problema ay laganap sa maraming pamanang-simbahan sa Pilipinas. Ang pagkakaiba rin ng pagtingin at pagpapahalaga sa mga Payo ng Cordillera ay ang pundamental ding suliranin sa konserbasyon nito, lalapat ito ay isang “buhay na pamana” (tingnan ang Kahon 2).

Ang layunin ng eksposisyon o pagbibigay liwanag sa mga tunggalian sa pagpapakahulugan ng pamana ay naglalayong gawing “mas bukas” (at kahit papaano ay palinawin) ang penomena at mga prosesong kinakaharap ng mga taong may taya sa isang pamana (at hindi “akademikong panggugulo!”). Higit na mahalaga ito sa antropolohista sapagkat siya ay inaasahang magkaroon ng etikal na pakikitungo sa “komunidad” at makapagbigay sa kanila ng kapakinabangan sa kanyang ginagawang pananaliksik. Maaari siyang makatulong sa mga tao upang pangalagaan ang kanilang pamana at makipag-ugnayan at mamagitan sa mga institusyong pangkonserbasyon at mga “eksperto” nito (na minsan ay antropolohista din).

Sa maraming pagkakataon, may tendensiyang maging “monopoliya” ng mga “eksperto” ang usapin ng pamana at konserbasyon. Mahalagang mabuksan ang talastasan tungkol sa “kahalagahang pangkultura” (*cultural significance*) ng mga pook at iba pang aspeto ng pamana kasama ang mga tao



Kahon 1. Bahagi ng opisyal na ulat tungkol sa estado ng konserbasyon ng Pandaigdigang Pamanang Simbahan sa Miag-ao
Santo Tomás de Villanueva in Miag-ao, Ilo-ilo is particularly threatened by the overzealous "protection" given by its parishioners, wherein the concern for proper restoration procedures is exchanged for their own concept of what this entails—essentially beautification or renovation that are not in consonance with or relevant to the authenticity of the structure.

Mula sa: Periodic Reporting Exercise on the Application of the World Heritage Convention (Section II, Baroque Churches of the Philippines), isinumite ng NCCA sa UNESCO, Nobyembre 2002

Kahon 2. Bahagi ng isang palitan tungkol sa pagpapatayo ng isang mini-hydro plant sa mga Payo ng Cordillera

Comment from a Municipal Mayor: Our municipality is aiming for development. However, we are constricted by the laws of UNESCO. Is it possible to alter or amend the policies of UNESCO to give way for the development and improve the economic status of the residents?

A: [Answer, UNESCO Representative] UNESCO is not anti-development. In fact, we promote development. However, constructing the plant in the site is irreversible. UNESCO does not have any authority to police the sites. The only thing they can do is to study implications of such an action on status as World Heritage site nad take an appropriate action

....

Comments from PPDC: Ifugaos know that in the future, they would have to let go of the Rice Terraces because as of the moment they cannot derive enough income for them to sustain them a living. It was suggested that in order for people to stay, enough livelihood to make them a living is necessary ...

Hinango sa: Ulat ng 1st Steering Committee Meeting, JBIC Pilot Study on Rural Revitalization Project for the Conservation of the Ifugao Rice Terraces (Final Report Annex 2004: A.1.2-14)

mismong nagmamay-ari nito (gaano mang kahirap ang gawaing ito). Bahagi ng istandardisadong gawain sa konserbasyon ang pagbabalangkas kung ano ang mga katangi-katanging karakter ng isang pook o artefakt na siyang batayan ng “halaga” nito bilang pamana. Kadalasan ay mga “eksperto” na lamang ang gumagawa nito ng walang pakikilahok ng mga tao. Kung gayon, hindi nga nakapagtataka na may matinding pagtutunggalian (na minsan ay umaabot pa sa pag-aaway at samaan ng loob) sa mga proyektong pangkonserbasyon. Sadyang kulang ang ating pang-unawa sa mismong proseso ng konserbasyon bilang panlipunang penomena sa lokal at global na aspeto nito. Ang paggawa ng espasyo para sa diyalogo sa usaping ito ay isa sa nakikita kong larangan para sa antropolohista.

Hindi maikakaila na sa gawaing ito ay mahihigop ang antropolohista sa pulitika ng “produksyon” ng pamana at proseso ng konserbasyon. Magkakaroon ng pagkakataong kinakailangan niyang pumanig o manindigan para sa isang posisyon. Ang iba’t-ibang pamana ay may kanya-kanyang suliraning dala, ang iba ay sadyang masalimuot tulad ng mga “buhay na pamana” at mga pinagtutunggaliang pook o istruktura (tulad ng mga gusaling gustong buwagin o mga simbahang gustong baguhin). Tila hindi nga siya makaiiwas na hindi masabak dito. Sa harap ng lahat ng ito, ang nakikita kong mahalagang prinsipyo para sa isang antropolohista ay ang pagtataguyod ng mas malaya at maalam na pagdedesisyon, pag-uunawaan sa pagitan ng mga aktor, at pamumuhay ng mga tao ng may kalayaang pangkultura.

Mga Sanggunian

- Arizpe, Lourdes. (2000). “Cultural Heritage and Globalization.” In Erica Avrami, Randall Mason, and Marta de la Torre, (eds.) *Values and Heritage Conservation Research Report*, Los Angeles: The Getty Conservation Institute. pp. 32-37.
- Bluestone, Daniel. (2000). “Challenges for Heritage Conservation and the Role of Research on Values.” In Erica Avrami, Randall Mason, and Marta de la Torre, (eds.) *Values and Heritage Conservation Research Report*. Los Angeles: The Getty Conservation Institute, pp. 65-67.
- JBIC Pilot Study Team Final Report (2004). *JBIC Pilot Study on Rural Revitalization Project for the Conservation of the Ifugao Rice Terraces (World Heritage Site)*, Philippines. (Unpublished report.)
- National Commission for Culture and the Arts. (2002). Periodic Reporting Exercise on the Application of the World Heritage Convention (Section II: State of Conservation of specific World Heritage properties; Property

name: Baroque Churches of the Philippines) [isinumite sa UNESCO World Heritage Committee]

Pearce, Susan. (2000). "The Making of Cultural Heritage." In Erica Avrami, Randall Mason, and Marta de la Torre (eds.), *Values and Heritage Conservation Research Report*. Los Angeles: The Getty Conservation Institute, pp. 32-37

Rufino, Rozanno E. (2005). "'World Heritage in Danger': Ang Krisis ng Konserbasyon at Kaunlaran sa mga Payo ng Cordillera." Papel na binasa sa 27th Ugnayang Pang-Aghamtao (UGAT) Annual Conference, University of the Philippines-Visayas, Miagao, Oktubre 20-22.

Turtinen, Jan. (2000). "Globalising Heritage – On UNESCO and the Transnational Construction of a World Heritage." *SCORE Rapportserie* 2000:12.

Wright, Susan. (1998). "The politicization of 'culture'." *Anthropology Today* 14 (1):7-15.

Rozanno E. Rufino, Senior Economic Development Specialist, National Economic and Development Authority - Social Development Staff
<butch.rufino@gmail.com>